Department of Education
Region III
**SCHOOLS DIVISION OF BULACAN**
Provincial Capitol Compound, Brgy. Guinhawa, City of Malolos, Bulacan
Website: www.bulacandeped.com Email: bulacan@deped.gov.ph

August 6, 2018

**To: CID and SGOD Chiefs**
**Secondary School Heads**
**All Others Concerned**

The Provincial Government of Bulacan is set to celebrate the 140th Anniversary of the Inauguration of the Province of Bulacan on August 15, 2018 (8:00AM) at the Provincial Capitol Compund, City of Malolos, Bulacan.

In this regard, Division Chiefs, Education Program Supervisors (EPSes), Public School District Supervisors (PSDSes), and Secondary School Heads are instructed to attend this event wearing *Barong Tagalog* for men and *Filipiniana* for women.

Attendance is highly expected.

**ZENIA G. MOSTOLES, Ed.D., CESO V**
Schools Division Superintendent

**DIVISION LETTER**
No. 164 , s. 2018

1:56

REPUBLIKA NG PILIPINAS
PAMAHALAANG PANLALAWIGAN NG BULACAN
Lungsod ng Malolos

# TANGGAPAN NG PUNONG LALAWIGAN

SDO OF BULACAN
RECEIVED
AUG 0 2 2018
By: 2687

Hulyo 30, 2018

**DR. ZENIA G. MOSTOLES, CESO V**
*School's Division Superintendent*
Kagawaran ng Edukasyon
Lungsod ng Malolos, Bulacan

Mahal na **Dr. Mostoles:**

Pagbati!

Kawangis ng isang larba na lumitaw mula sa kanyang kriselis upang bumukadkad at gapiin ang karikitan ng mga bulaklak, sumibol ang Lalawigan ng Bulacan mula sa kanyang payak na pagkakatatag hanggang sa kanyang kalagayan sa kasalukuyan bilang isang pangunahing *metropolis* sa Gitnang Luzon na nasa bingit ng mga bagong hantungan ng kasaganaan, kapayapaan at kaunlaran.

Nakaukit din sa mga maningning na puwang ng kasaysayan ang kadakilaan ng Lalawigan ng Bulacan hindi lamang bilang isang haligi ng kilusang mapagpalaya at ng pag-iral ng demokrasya, bagkus ay bilang isa ring pangunahing lalawigang sumasalamin sa makulay na kulturang pinanday ng daang taong pagpapagal, pagpapakasakit at pakikibaka. Ang pagkakatanghal ng Lalawigan ng Bulacan bilang isang pangunahing lalawigang ehemplo ng kaunlaran, kapayapaan at walang patid na paglago ay isang kapurihang taglay ng bawat isang Bulakenyo na marapat lamang nating dakilain at pahalagahan bilang natatanging legasiya ng ating lahi.

Tungo rito, nakatakda nating ipagdiwang ang ika-440 Guning Taon ng Pagkakatatag ng Lalawigan ng Bulacan sa pamamagitan ng isang maringal na seremonya. Ang makasaysayang araw ding ito ang hudyat ng pagsisimula ng *2018 Singkaban (Sining at Kalinangan ng Bulacan) Festival* na magtatampok sa mayaman at makulay na kultura, sining at kasaysayan ng ating lalawigan.

Kaugnay nito, magalang naming kayong inaanyayahang dumalo, kasama ang inyong **isang daang (100) *district supervisors at principals*** sa pagdiriwang ng **ika-440 Guning Taon ng Pagkakatatag ng Lalawigan ng Bulacan** na gaganapin sa **Agosto 15, 2018, ganap na ika-8:00 ng umaga, sa Harap ng Gusali ng Pamahalaang Panlalawigan, *Provincial Capitol Compound*, Lungsod ng Malolos, Bulacan.** Ang Panauhing Pandangal para sa paksang pagdiriwang ay ang ating kalalawigan, General Carlito G. Galvez, Jr., *Chief of Staff* ng Sandatahang Lakas ng Pilipinas.

Lubos kaming umaasa sa inyong mahalagang pagdalo sa nasabing pagdiriwang.

Maraming salamat at hangad namin ang inyong patuloy na tagumpay.

Mabuhay kayo!

Lubos na gumagalang,

**DANIEL R. FERNANDO**
Nanunuparang Punong Lalawigan